Government Property
NOT FOR SALE

# Grade 4 to 6
# Lesson Exemplars for Rabies Education



Department of Education • Republic of the Philippines

**Lesson Exemplars for Rabies Education – Grade 4 to 6**
**First Edition, 2019**

**Republic Act 8293, section 176** states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

The Philippines Department of Education and the Global Alliance for Rabies Control both hold the copyright for the lesson plans, which are licensed under a Creative Commons Attribution- Non-Commercial- No Derivatives 4.0 International License.

Published by the Department of Education
Secretary: Leonor Magtolis Briones
Undersecretary: Diosdado M. San Antonio
Assistant Secretary: Alma Ruby C. Torio

**Development Team of the Lesson Exemplars**

**Author/s:** Lucille V. Gabriel, PhD., Mauricio F. Angeles, Nimfa P. Reposo, Lornell V. Ramos, Ayla R. Abutay, Lorenzo C. Duñgo, Kaye Mark R. Inoncillo, Russel M. Martinez, Lea-May C. Uson

**Content Editor/s**: Ernani O. Jaime, Kaye Mark R. Inoncillo, Edwin C. Pameroyan, Michelle C. Mejia, Juvy B. Nitura, Albert Joseph G. Ceniza, Mary Jean B. Brizuela, Lorenzo C. Duñgo, Rolando C. Julian, Jeffrie F. Ditablan, Myla Mae N. Mascariñas, Rossana S. Carnecer

**Language Editor/s**: Jon Jon D. Garcia, Ed.D, Rebecca R. Viloria, Journalisa S. Membrot,

**Illustrators:** Eric De Guia, Fermin M. Fabella Jr.

**Management Team**: Jocelyn D.R. Andaya, Leila P. Areola, Rizalino Jose T. Rosales, Ella Cecilia G. Naliponguit, Isabel A. Victorino, Rosalina J. Villaneza, Ma. Corazon C. Dumlao, Ernani O. Jaime, Glene D. Delos Trinos, Ferdinand M. Nuñez

**Printed in the Philippines by ______________________**
**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)**

Office Address: Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054; 634-1072; 631-4985
Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph

# Grade 4 to 6

(Edukasyon sa Pagpapakatao and Edukasyon Pangtahanan at Pangkabuhayan)

# Lesson Exemplars for Rabies Education

This instructional material was collaboratively developed and reviewed by educators from public schools with technical guidance from the National Rabies Prevention and Control Committee. We encourage teachers and other education stakeholders to email their feedback, comments, and recommendations to the Department of Education at action@deped.gov.ph.

**We value your feedback and recommendations.**

**Department of Education • Republic of the Philippines**

# INTRODUCTION

Rabies is a highly fatal viral disease that usually affects dogs and can be transmitted to humans. It is estimated that every 10 minutes, one person die of rabies in the world. Every year, 59,000 people die of the disease wherein 40% are children less than 15 years of age. In the Philippines, an average of 200 to 250 Filipinos die of rabies annually, 30% of which are children. Animal bite incidence is also rapidly increasing with 699,705 animal bite victims in 2015 to 1, 130,873 in 2017 wherein almost half of the bites reported are in children.

The National Rabies Prevention and Control Committee (NRPCC) provide direction regarding the implementation of the National Rabies Prevention and Control Program as mandated by the Anti-Rabies Act of 2007 (Republic Act 9485). The inter-agency, intersectoral committee is led by the Department of Agriculture (DA) in collaboration with the Department of Health (DOH), Department of Education (DepEd), Department of Interior and Local Government (DILG), Department of Environment and Natural Resources (DENR), professional organizations (Philippine Veterinary Medical Association), and non-government organizations such as the Global Alliance for Rabies Control (GARC).

Under the Anti-Rabies Act, DepEd was given the mandate to strengthen the national rabies education program through the school health curriculum. In support to this, DepEd has been coordinating with GARC and other member agencies/organizations of NRPCC to integrate rabies education in the delivery curriculum since December 2016 in terms of development of lesson exemplars.

These lesson exemplars will provide an effective delivery on rabies education for teachers. It enables learners engage in relevant, meaningful experiences and activities that can be connected to real life situations.

This national rabies education integration initiative is expected to benefit an estimated 21 million Kinder to Grade10 learners in more than 46,000 schools including teachers, school health personnel and parents as well as the community as a whole. Key messages incorporated in the 78 lesson exemplars developed include the following: rabies as a disease; animal bite prevention; animal bite management; dog vaccination; animal welfare and responsible pet ownership.

# ACKNOWLEDGEMENT

We would like to extend our greatest appreciation to the following government agencies and non-government organizations:

A. Development of Lesson Exemplars

- Department of Education
  - Bureau of Learner Support Services
  - Bureau of Curriculum Development
  - Bureau of Learning Delivery
  - Bureau of Learning Resources
  - External Partnership Services

- Department of Health
  - Disease Prevention and Control Bureau
  - Health Promotions and Communication Service
  - Research Institute for Tropical Medicine

- Department of Agriculture
  - Bureau of Animal Industry

- Global Alliance for Rabies Control

- Philippine Veterinary Medical Association
  - Provincial, City, Municipal Veterinarians' League of the Philippines
  - Philippine Animal Hospital Association

B. Fund Support

- UBS Optimus Foundation
- FOUR PAWS International

C. Front Cover Illustrations

- Ms. Ramona T. Consunji, Animal Welfare Coalition

D. Printing of Lesson Exemplars

- Japan One Health Rabies Project (JAPOHR) /Japan International Cooperation Agency
- Japan International Cooperation Agency
- Oita University

# TABLE OF CONTENTS

Introduction ........ iv
Acknowledgement ........ v
Edukasyon sa Pagpapakatao 4(esp4ppp-llle-f-21) ........ 1
Edukasyon sa Pagpapakatao 5 (esp5p-lla-22) ........ 10
Edukasyon sa Pagpapakatao 6 (esp6ppp-lllh-i-40) ........ 20
Edukasyon Pangtahanan at Pangkabuhayan 4 (epp41e-0g-13) ........ 31
Edukasyon Pangtahanan at Pangkabuhayan 4 (epp4ag-0i-18) ........ 43
Edukasyon Pangtahanan at Pangkabuhayan 4 (epp4ag-0h17a) ........ 55
Edukasyon Pangtahanan at Pangkabuhayan 4 (epp4ag-0h17b) ........ 62
Edukasyon Pangtahanan at Pangkabuhayan 4 (epp4ag-oi-19) ........ 73

EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 4(esp4ppp-IIIe-f-21)

| | |
|---|---|
| ***I. LAYUNIN*** | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagkakaroon ng sariling disiplina para sa bansa tungo sa pandaigdigang pagkakaisa. |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Naisasabuhay ang patuloy na pagninilay para makapagpasya nang wasto tungkol sa epekto ng tulong-tulong na pangangalaga ng kapaligiran para sa kaligtasan ng bansa at daigdig. |
| C. Kasanayan sa Pagkatuto/ Layunin (Isulat ang code ng bawat kasanayan) | Nakasusunod sa mga batas / panuntunang pinaiiral tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran kahit walang nakakikita. |
| | EsP4PPP-IIIe-f-21 |
| ***II. NILALAMAN*** | • Likas-kayang Pag-unlad at Pagkakaroon ng Disiplina<br>• **Integrasyon ng Edukasyon sa Rabies:**<br>(1) Mga Multa sa Paglabag sa Republic Act 9482 (Anti-Rabies Act of 2007)<br>(2) Mga Dapat Gawin Kapag Nakagat Ng Aso |
| ***III. KAGAMITAN SA PAGTURO*** | |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng guro | |
| 2. Mga pahina sa kagamitang pang-mag-aaral | |
| 3. Mga pahina sa teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa Portal ng Learning Resource | EsP - Gabay Pangkurikulum pahina 62 |
| B. Iba pang kagamitang panturo | |

| | |
|---|---|
| | Projector, computer, larawan, manila paper, flash card ng FACT o BLUFF |
| ***IV. PAMAMARAAN*** | |
| A. Balik-aral o pagsisimula ng bagong aralin | **Gawain 1 : Balikan Natin ( 2 minuto)**<br>Pagwawasto ng Takdang-Aralin.<br>Balikang muli ang mga gawain tungkol sa pagpapakita ng pagmamahal sa bansa. |
| B. Paghahabi ng layunin ng aralin | **Gawain 2: Pag-aralan Natin (8 minuto)**<br>Matapos nating talakayin ang mga bagay na nagpapakita ng pagmamahal sa bansa, nabanggit ninyo na isa rito ang pagmamahal sa mga hayop na matatagpuan sa Pilipinas.<br><br>Alam ba ninyo na may kaakibat na mga batas ang pag-aalaga ng hayop lalo na ng aso?<br><br>*(Nakalagay na sa isang powerpoint presentation o nakasulat sa manila paper kung walang karampatang gamit.)*<br>**Integrasyon ng Edukasyon sa Rabies:**<br><br>**Pagbasa ng Artikulo ng Paglabag sa Republic Act 9482 (Anti-Rabies Act of 2007, Sec.11, 1-5)**<br><br>1.Hindi pagpaparehistro at pagpapabakuna ng alagang aso laban sa rabies, multa ng dalawang libong piso (Php 2,000.00).<br>2. Ang may-ari ng asong hindi nabakunahan laban sa rabies ang mananagot at magbabayad sa pagpapabakuna sa taong kinagat ng kanilang alagang aso.<br>3. Hindi pagpayag na paobserbahan ang kanilang alagang aso na nakakagat ng tao, multa ng sampung libong piso (Php 10,000.00).<br>4. Hindi pagpayag na paobserbahan ang kanilang alaga at bayaran ang pagpapabakuna sa taong nakagat ng kanilang aso, multa ng dalawampu't limang libong piso (Php 25,000.00).<br>5. Hindi pagtali ng alagang aso habang nasa pampublikong lugar, multa ng limang daang piso (Php 500.00). |

| | |
|---|---|
| | **(Paalaala:** *Alamin at talakayin ang iba pang ordinansang ipinatutupad sa inyong lugar na may kaugnayan sa Anti-Rabies Act)*<br><br>**Magtanong tungkol sa binasang artikulo:**<br>a. Tungkol saan ang binasa?<br>b. Ano ang nakasaad sa Republic Act 9482 o Anti-Rabies Act of 2007?<br>c. Sa inyong palagay, bakit nagtakda ang pamahalaan ng mga batas tungkol sa mas malalim na kamalayan sa rabies?<br>d. Bilang isang mag-aaral, sang-ayon ka ba sa batas na ito? Bakit? |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | **Gawain 3: Isa-isahin Natin (10 minuto)**<br><br>Kaakibat ng artikulong ito ay dapat lamang na alam ninyo ang mga dapat gawin kung kayo ay sakaling makagat ng aso o pusa.<br><br>Narito ang ilan sa mga dapat gawin kapag kayo ay nakagat ng aso: *(Powerpoint presentation o nakasulat sa manila paper)*<br><br>Ano ang mga dapat gawin kapag nakagat ng aso?<br>1. Hugasan agad ang sugat ng sabon sa dumadaloy na tubig sa loob ng 15 minuto.<br>2. Pahiran ng tintura de yudo (iodine) o alkohol.<br>3. Komunsulta sa doktor sa pinakamalapit na Animal Bite Treatment Center (ABTC).<br><br>Ano ang mga dapat gawin sa asong nakakagat?<br>1. Itali o ikulong ang aso at obserbahan sa loob ng 14 araw kung may pagbabago sa ugali at sa estado ng kalusugan nito. Maaaring ang aso ay maging mabangis o matamlay.<br>2. Huwag patayin ang aso.<br>3. Kapag namatay ang aso sa loob ng 14 na araw, ipaputol ang ulo nito sa taong may kakayahan at ilagay sa plastic na walang tagas at lagyan ng yelo. Dalhin agad sa pinakamalapit na animal rabies diagnostic laboratory sa inyong lugar. |

| | |
|---|---|
| | 4. Komunsulta sa beterinaryo para sa karagdagang impormasyon tungkol sa rabies. |
| D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | |
| E. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | |
| F. Paglinang ng kabihasaan | |
| G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay. | |
| H. Paglalahat ng aralin | **Gawain 4: Halina't Maglaro (5 minuto)**<br>Ipasagot sa bata:<br>**Pag-aanalisa ng Larawan o Ideya:**<br>Itaas ang kard ng FACT kung dapat gawin ang nasa larawan o tama ang isinasaad na ideya at BLUFF kung hindi dapat gawin o mali.<br>**Unang Bahagi: Larawan**<br>1 <br>2 <br>3 <br>4  |

| | |
|---|---|
| | **Ikalawang Bahagi: Ideya**<br>5. Laruin at harutin ang aso para mas maging masaya ang paglalaro.<br>6. Ipaalam sa nakatatanda kapag ikaw ay nakagat ng aso o pusa.<br>7. Lagyan ng dinikdik na bawang ang sugat ng kagat ng aso para mas mabilis gumaling.<br>8. Tumakbo kapag ikaw ay hinabol ng aso.<br>9. Patayin agad ang aso kapag ito ay nakakagat.<br>10. Itali o ikulong ang aso na nakakagat at obserbahan sa loob ng 14 araw kung may pagbabago sa ugali nito. |
| I. Pagtataya ng aralin | (see below) |

**Rubrik**

| Pamantayan | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| **Kalinawan ng Isinasaad** | Lahat ng pangungusap na ginamit ay malinaw ang isinasaad. | 1-2 pangungusap sa sanaysay ay mali ang pagkakagamit. | 3-4 pangungusap sa sanaysay ay mali ang pagkakagamit. |
| **Angkop na pagpapahalaga sa tema** | Naipakita ang pagpapahalaga sa tema nang may tiyak na kamalayan. | Naipakita ang pagpapahalaga sa tema ngunit may pag-aalinlangan. | Hindi naipakita ang pagpapahalaga sa tema. |

**Gawain 5: Magsulat Tayo (5 minuto)**

**Panuto:**

Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa kung paanong paraan mo maipakikita na nakasusunod ka sa mga batas / panuntunang pinaiiral tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran o hayop tulad ng aso.

| | |
|---|---|
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation | **(Opsyonal)**<br>Ipagawa depende sa pangangailangan ng mga mag-aaral. |

| | |
|---|---|
| | **Karagdagang Gawain:**<br>Isadula ang isang sitwasyon na nagpapakita ng mga dapat gawin kapag nakagat ng aso. (Takdang-Aralin)<br>**Panlinang na Gawain:**<br>Gumawa ng isang panalangin na may kinalaman sa tamang pagsunod sa batas tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran. |
| ***V. MGA TALA*** | |
| ***VI. PAGNINILAY*** | |

| | |
|---|---|
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mga-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | |
| C. Nakatulong ba ang remediation? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin. | |
| D. Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | |
| E. Alin sa mga istratehiya ng pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyonan sa tulong ng aking prinsipal / punong-guro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitan ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapuwa ko guro? | |

**GAWAIN 2**

**Ipabasa ang artikulo tungkol sa Mga Multa sa Paglabag sa Republic Act 9482 (Anti-Rabies Act of 2007, Sec.11, 1-5)**

1. Hindi pagpaparehistro at pagpapabakuna ng alagang aso laban sa rabies, multa ng dalawang libong piso (Php 2,000.00).
2. Ang may-ari ng asong hindi nabakunahan laban sa rabies ang mananagot at magbabayad sa pagpapabakuna sa taong kinagat ng kanilang alagang aso.
3. Hindi pagpayag na paobserbahan ang kanilang alagang aso na nakakagat ng tao, multa ng sampung libong piso (Php 10,000.00).
4. Hindi pagpayag na paobserbahan ang kanilang alaga at bayaran ang pagpapabakuna sa taong nakagat ng kanilang aso, multa ng dalawampu't limang libong piso (Php 25,000.00).
5. Hindi pagtali ng alagang aso habang nasa pampublikong lugar, multa ng limang daang piso (Php 500.00).

**(Paalaal:** Alamin at talakayin ang iba pang ordinansang ipinatutupad sa inyong lugar na may kaugnayan sa Anti-Rabies Act)

**Magtanong tungkol sa binasang artikulo:**

a. Tungkol saan ang binasa?
b. Ano ang nakasaad sa Republic Act 9482 o Anti-Rabies Act of 2007?
c. Sa inyong palagay, bakit nagtakda ang pamahalaan ng mga batas tungkol sa mas malalim na kamalayan sa rabies?
d. Bilang isang mag-aaral, sang-ayon ka ba sa batas na ito? Bakit?

**Mga Dapat Gawin Kapag Nakagat ng Aso**

Ano ang mga dapat gawin kapag nakagat ng aso?

1. Hugasan agad ang sugat ng sabon sa dumadaloy na tubig sa loob ng 15 minuto.
2. Pahiran ng tintura de yudo (iodine) o alkohol.
3. Komunsulta sa doktor sa pinakamalapit na Animal Bite Treatment Center (ABTC).

Ano ang mga dapat gawin sa asong nakakagat?

1. Itali o ikulong ang aso at obserbahan sa loob ng 14 araw kung may pagbabago sa ugali at sa estado ng kalusugan nito. Maaaring ang aso ay maging mabangis o manamlay.
2. Huwag patayin ang aso.

3. Kapag namatay ang aso sa loob ng 14 na araw, ipaputol ang ulo nito sa taong may kakayahan at ilagay sa plastic na walang tagas at lagyan ng yelo. Dalhin agad sa pinakamalapit na animal rabies diagnostic laboratory sa inyong lugar.
4. Komunsulta sa beterinaryo para sa karagdagang impormasyon tungkol sa rabies.

## Gawain 4

### Pag-aanalisa ng Larawan o Ideya

(FACT or BLUFF) Itaas ang kard ng FACT kung dapat gawin ang nasa larawan o tama ang isinasaad na ideya at BLUFF kung hindi dapat gawin o mali.

*(Maaaring magdagdag ng mga larawan o ideya ang guro na dapat at hindi dapat gawin.)*

**Unang Bahagi: Larawan**

1



2



3



4



**Ikalawang Bahagi: Ideya**

5. Laruin at harutin ang aso para mas maging masaya ang paglalaro.
6. Ipaalam sa nakatatanda kapag ikaw ay nakagat ng aso o pusa.
7. Lagyan ng dinikdik na bawang ang sugat ng kagat ng aso para mas mabilis gumaling.
8. Tumakbo kapag ikaw ay hinabol ng aso.
9. Patayin agad ang aso kapag ito ay nakakagat.
10. Itali o ikulong ang aso na nakakagat at obserbahan sa loob ng 14 araw kung may pagbabago sa ugali nito.

**Mga Kasagutan sa Gawain 4**

1. Bluff
2. Fact
3. Fact
4. Fact
5. Bluff
6. Fact
7. Bluff
8. Bluff
9. Bluff
10. Fact

# EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 5 (esp5p-IIa-22)

| *I. LAYUNIN* | |
|---|---|
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pakikipagkapuwa-tao at pagganap ng mga inaasahang hakbang, at kilos para sa kapakanan ng pamilya at kapuwa. |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Naisasagawa ang inaasahang hakbang, kilos at pahayag na may paggalang at pagmamalasakit para sa kapakanan at kabutihan ng pamilya at kapuwa. |
| C. Kasanayan sa Pagkatuto/ Layunin (Isulat ang code ng bawat kasanayan) | Nakapagsisimula ng pamumuno para makapagbigay ng kayang tulong para sa nangangailangan.<br>11.2. pagbibigay ng babala / impormasyon kung may bagyo, baha, sunog, lindol, at iba pa |
| | EsP5P-IIa-22 |
| *II. NILALAMAN* | • **Pakikipagkapuwa-tao**<br>(Pagmamalasakit sa Kapuwa)<br><br>**Integrasyon ng Edukasyon sa Rabies:**<br>(1) **Pagpigil sa Paglaganap ng Rabies**<br>(2) **Mga Dapat Gawin Kapag Nakagat Ng Aso** |
| *III. KAGAMITAN SA PAGTUTURO* | |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng guro | |
| 2. Mga pahina sa kagamitang pang-mag-aaral | |
| 3. Mga pahina sa teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa Portal ng Learning Resource | EsP - Gabay Pangkurikulum pahina 70 |

| | |
|---|---|
| B. Iba pang kagamitang panturo | laptop at projector para sa powerpoint (kung meron), tsart |
| ***IV. PAMAMARAAN*** | |
| A. Balik-aral o pagsisimula ng bagong aralin | **Gawain 1 : Balikan Natin ( 2 minuto)**<br>Pagwawasto ng Takdang-Aralin.<br>Pag-aralang muli ang mahalagang kaisipan sa huling aralin ( pamumuno para makapagbigay ng kayang tulong para sa nangangailangan tulad sa biktima ng kalamidad.)<br><br>**Gawain 2: Ok 'Yan (3 minuto)**<br><br>**Panuto:**<br>Sabihin kung ang pahayag ay tama o mali sa pamamagitan ng dalawang uri ng palakpak. (lahat ng mag-aaral)<br><br>(Sasagot ang mga bata sa pamamagitan ng **Ok 'Yan clap** – 3 palakpak, 3 padyak at sisigaw ng **Ok 'Yan** kung tama. Kung mali naman, **Mali 'Yan clap** – 2 palakpak, 2 padyak at sisigaw ng **Mali 'Yan**.)<br><br>**Mga Gabay na Pangungusap:**<br><br>1. Pagbibigay ng pagkain sa mga nasalanta ng bagyo.<br>2. Hahanap ka ng mga luma mong damit at ibibigay sa mga nasalanta ng bagyo.<br>3. Hindi papansinin kung may nakitang mga nasalanta ng bagyo sa dinaraanan.<br>4. Tutulong sa mga aktibidad ng barangay tulad ng pagbabalot ng mga ipamimigay na relief.<br>5. Pagtatawanan ang mga batang nasalanta ng bagyo. |
| B. Paghahabi ng layunin ng aralin | **Gawain 3: Pag-usapan 'Nyo Ako (5 minuto)**<br><br>**Sabihin ng guro:**<br>Narito ang isang larawan ng lugar na nasalanta ng bagyo. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>


*(Magpakita ng isang larawan ng lugar na nabagyo o kahit anong larawan tungkol sa isang kalamidad.)*

**Itanong:**

1. Ano-ano ang nakikita ninyo sa larawan?
2. Naranasan na ba ninyo ang ganitong kalamidad?
3. Ano ang inyong nararamdaman tuwing nakararanas o nakababalita kayo ng ganitong kalamidad?
4. Sa paanong paraan ka kaya makatutulong sa mga taong nasalanta ng bagyo?
5. Mas pahahalagahan mo ba ang kaligtasan ng iyong sarili sa ganitong panahon o ang iyong mga ari-arian? Ipaliwanag.
</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin</td>
<td>
**Gawain 4: Magkuwentuhan Tayo (10 minuto)**

Sa panahon ng kalamidad, hindi lamang dapat ang sarili ang nanaising iligtas. Alalahanin din natin ang mga alaga nating hayop tulad ng aso o pusa.

Ngunit sa pagliligtas sa ating mga alaga, nararapat lang na alamin din natin kung paano ililikas ang ating mga alagang hayop nang hindi nagiging banta sa kaligtasan ng iba.

**Lunsarang Kuwento:**

(Ilagay ang kuwento sa isang powerpoint presentation at kung walang gamit ay sa manila paper na lamang para sa mas mabilis na pagdaloy ng aralin)
</td>
</tr>
</table>

**Si Betong at ang Kaniyang Alaga**

Sa isang maliit na barangay sa San Ildefonso, Bulacan ay may isang batang mahilig sa aso at siya ay si Betong. Pagmulat pa lamang ng kaniyang mata ay hahanapin at tatawagin na niya agad ang kaniyang alaga. Hindi makokompleto ang kaniyang araw kapag hindi niya ito nagawa.

Ngunit masama ang panahon nang araw na iyon, malakas ang buhos ng ulan dahil sa Bagyong Henry. Nagbubuwalan ang mga puno at nagkakalampagan ang mga yero sa lakas ng hangin. Nakatatakot ang maririnig sa buong kapaligiran ngunit mapanganib naman kung siya ay lalabas.

Nang tumila nang kaunti ang ulan, lumabas siya para hanapin ang alaga. Hindi man lamang ito tumahol nang kaniyang makita sa isang sulok ng kanilang bakuran. Tumakbo siya palapit dito para kargahin ngunit laking gulat niya nang bigla siyang kagatin nito.

Napahiyaw siya sa sakit sabay tawag sa kanyang mga magulang. Hinugasan agad ang kaniyang sugat ng sabon sa umaagos na tubig. Nilagyan ng alkohol at pagkatapos ay dinala sa doktor kahit maulan dahil sa kaalamang delikado ang makagat ng aso.

**Tandaan:**

Laging dapat isaalang-alang ang sariling kaligtasan at manguna rin sa pagbibigay ng tulong, babala at impormasyon.

**Mga Gabay na Katanungan:**

1. Anong kalamidad ang naganap sa kuwento?
2. Madali ba ang naging karanasan ni Betong sa panahon ng bagyo? Patunayan.
3. Sa inyong palagay, bakit kinagat si Betong ng kanyang alagang aso samantalang sila ay magkaibigan?
4. Tama ba ang hakbang na ginawa ng magulang nang makita nilang nakagat ng aso ang kanilang anak? Ipaliwanag ang sagot.

*(Magkaroon ng talakayan sa mga sagot ng mga mag-aaral at bigyang diin ang ilan pang mahahalagang impormasyon tungkol sa iba't ibang kalamidad at mga dapat gawin sa ganitong panahon.)*

| | |
|---|---|
| D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | |
| E. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | |
| F. Paglinang ng kabihasaan | |
| G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay. | **Gawain 5: Tulong Tayo (3 minuto)**<br>**Think-Pair-Share:**<br>Maglahad ng isang kalamidad na inyong natatandaan at kung paano kayo namuno para makapagbigay ng tulong sa inyong pamilya at komunidad sa ganitong panahon. |
| G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay. | **Gawain 6: Alam Ko Na! (2 minuto)**<br>Matapos nating talakayin ang aralin, paano ka makatutulong sa iyong pamilya, komunidad at mga nangangailangan sa paghahanda sa panahon ng kalamidad? |
| H. Paglalahat ng aralin | **Gawain 7: Isulat Mo Ako (5 Minuto)**<br><br>**Ipagawa:**<br>Kumuha ng isang bond paper at sumulat ng isang babala / impormasyon sa paghahanda sa panahon ng kalamidad. Idikit sa isang sulok ng silid-aralan upang magsilbing gallery walk. |

**Rubrik**

| Pamantayan | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| **Kalinawan ng Isinasaad** | Lahat ng salitang ginamit ay malinaw | 1-2 salita sa pangungusap ay mali ang | 3-4 salita sa pangungusap ay mali ang |

| | |
|---|---|
| | <table><tr><td></td><td>ang isinasaad.</td><td>pagkakagamit.</td><td>pagkakagamit.</td></tr><tr><td>**Angkop na pagpapahalaga sa tema**</td><td>Naipakita ang pagpapahalaga sa tema nang may tiyak na kamalayan.</td><td>Naipakita ang pagpapahalaga sa tema ngunit may pag-aalinlangan.</td><td>Hindi naipakita ang pagpapahalaga sa tema.</td></tr></table> |
| I. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation | |
| ***V. Mga Tala*** | |
| ***VI. Pagninilay*** | |

| | |
|---|---|
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mga-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | |
| C. Nakatulong ba ang remediation? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin. | |
| D. Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | |
| E. Alin sa mga istratehiya ng pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyonan sa tulong ng aking punong-guro / prinsipal at superbisor? | |
| G. Anong kagamitan ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapuwa ko guro? | |

*(Pandagdag na kaalaman para sa guro na maaaring gamitin at ipaliwanag sa iba pang pagkakataon.)*

**Sampung Kaalaman Upang Maiwasan ang Rabies**

1. Pabakunahan ang inyong mga alagang aso at pusa laban sa rabies taon-taon.
2. Alagaan nang mabuti ang inyong aso at pusa na may maayos na tirahan. Bigyan sila ng sapat at malinis na pagkain at tubig.
3. Huwag hayaang gumala ang inyong alagang aso at pusa sa kalsada.
4. Huwag saktan ang inyong alagang aso at pusa. Huwag silang sipain, batuhin, o hilahin ang anomang parte ng kanilang katawan.
5. Huwag lumapit sa mga aso at pusa na gumagala sa kalye. Huwag ding gambalain ang inyong mga alagang aso at pusa kapag sila ay natutulog, kumakain, o nagpapadede ng kanilang mga anak.
6. Hugasan ang sugat mula sa kagat ng aso o pusa ng sabon sa dumadaloy na tubig.
7. Ipaalam agad sa mga nakatatanda kapag nakagat ng hayop at magpatingin sa Health Center o Animal Bite Treatment Center (ABTC).
8. Tandaan na pwedeng makuha ang rabies sa laway ng aso at pusa.
9. Nakamamatay ang rabies.
10. Ang rabies ay maiiwasan kung pababakunahan ang inyong mga alagang aso at pusa.

**Mga Dapat Gawin Kapag Nakagat ng Aso**

Ano ang mga dapat gawin kapag nakagat ng aso?

1. Hugasan agad ang sugat ng sabon sa dumadaloy na tubig sa loob ng 15 minuto.
2. Pahiran ng tintura de yudo (iodine) o alkohol.
3. Komunsulta sa doktor sa pinakamalapit na Animal Bite Treatment Center (ABTC).

Ano ang mga dapat gawin sa asong nakakagat?

1. Itali o ikulong ang aso at obserbahan sa loob ng 14 araw kung may pagbabago sa ugali at sa estado ng kalusugan nito. Maaaring ang aso ay maging mabangis o manamlay.
2. Huwag patayin ang aso.
3. Kapag namatay ang aso sa loob ng 14 na araw, ipaputol ang ulo nito sa taong may kasanayan at ilagay sa plastic na walang tagas at lagyan ng yelo. Dalhin agad sa pinakamalapit na Animal Rabies Diagnostic Laboratory sa inyong lugar.
4. Komunsulta sa beterinaryo para sa karagdagang impormasyon tungkol sa rabies.

**GAWAIN 3: Pag-usapan 'Nyo Ako**

**Sabihin ng guro:**
Narito ang isang larawan ng lugar na nasalanta ng bagyo.



*(Magpakita ng isang larawan ng lugar na nabagyo o kahit anong larawan tungkol sa isang kalamidad.)*

**Itanong:**

6. Ano-ano ang nakikita ninyo sa larawan?
7. Naranasan na ba ninyo ang ganitong kalamidad?
8. Ano ang inyong nararamdaman tuwing nakararanas o nakababalita kayo ng ganitong kalamidad?
9. Sa paanong paraan ka kaya makatutulong sa mga taong nasalanta ng bagyo?
10. Mas pahahalagahan mo ba ang kaligtasan ng iyong sarili sa ganitong panahon o ang iyong mga ari-arian? Ipaliwanag.

**Gawain 4: Magkuwentuhan Tayo**

Sa panahon ng kalamidad, hindi lamang dapat ang sarili ang nanaising iligtas. Alalahanin din natin ang mga alaga nating hayop tulad ng aso o pusa.

Ngunit sa pagliligtas sa ating mga alaga, nararapat lang na alamin din natin kung paano ililikas ang ating mga alagang hayop nang hindi nagiging banta sa kaligtasan ng iba.

**Lunsarang Kuwento:**

(Ilagay ang kuwento sa isang powerpoint presentation at kung walang gamit ay sa manila paper na lamang para sa mas mabilis na pagdaloy ng aralin)

**Si Betong at ang Kaniyang Alaga**

Sa isang maliit na barangay sa San Ildefonso, Bulacan ay may isang batang mahilig sa aso at siya ay si Betong. Pagmulat pa lamang ng kaniyang mata ay hahanapin at tatawagin na niya agad ang kaniyang alaga. Hindi makokompleto ang kaniyang araw kapag hindi niya ito nagawa.

Ngunit masama ang panahon nang araw na iyon, malakas ang buhos ng ulan dahil sa Bagyong Henry. Nagbubuwalan ang mga puno at nagkakalampagan ang mga yero sa lakas ng hangin. Nakatatakot ang naririnig sa buong kapaligiran at mapanganib naman kung siya ay lalabas.

Nang tumila nang kaunti ang ulan, lumabas siya para hanapin ang alaga. Hindi man lamang ito tumahol ng kaniyang makita sa isang sulok ng kanilang bakuran. Tumakbo siya palapit dito para kuhanin ngunit laking gulat niya nang bigla siyang kagatin nito.

Napahiyaw siya sa sakit sabay tawag sa kaniyang mga magulang. Hinugasan agad ang kanyang sugat ng sabon kasabay sa umaagos na tubig. Nilagyan alcohol at pagkatapos ay dinala sa doktor kahit maulan dahil sa kaalamang delikado ang makagat ng aso.

Lagi ring tatandaan na dapat isaalang-alang ang sariling kaligtasan sa panahon ng kalamidad at manguna rin sa pagbibigay ng tulong, babala at impormasyon kung kinakailangan.

**Mga Gabay na Katanungan:**

1. Anong kalamidad ang naganap sa kuwento?
2. Madali ba ang naging karanasan ni Betong sa panahon ng bagyo? Patunayan.
3. Sa palagay ninyo, bakit kinagat si betong ng kaniyang alagang aso samantalang sila ay magkaibigan?
4. Tama ba ang hakbang na ginawa ng magulang nang makita nilang nakagat ng aso ang kanilang anak? Ipaliwanag ang sagot.

*(Magkaroon ng talakayan sa mga sagot ng mga mag-aaral at bigyang diin ang ilan pang mahahalagang impormasyong tungkol sa iba't ibang kalamidad at mga dapat gawin sa ganitong panahon.)*

**Gawain 5: Tulong Tayo**

**Think-Pair-Share:**

Maglahad ng isang kalamidad na inyong natatandaan at kung paanokayo namuno para makapagbigay ng tulong sa inyong pamilya at komunidad sa ganitong panahon.

## Gawain 7: Isulat Mo Ako

**Ipagawa:**

Kumuha ng isang bond paper at sumulat ng isang babala / impormasyon sa paghahanda sa panahon ng kalamidad. Idikit sa isang sulok ng silid-aralan upang magsilbing gallery walk.

| Rubrik | | | |
|---|---|---|---|
| **Pamantayan** | **3** | **2** | **1** |
| **Kalinawan ng Isinasaad** | Lahat ng salitang ginamit ay malinaw ang isinasaad. | 1-2 salita sa pangungusap ay mali ang pagkakagamit. | 3-4 salita sa pangungusap ay mali ang pagkakagamit. |
| **Angkop na pagpapahalaga sa tema** | Naipakita ang pagpapahalaga sa tema nang may tiyak na kamalayan. | Naipakita ang pagpapahalaga sa tema ngunit may pag-aalinlangan. | Hindi naipakita ang pagpapahalaga sa tema. |

EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 6 (esp6ppp-IIIh-i-40)

| | |
|---|---|
| ***I. LAYUNIN*** | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ang pang-unawa sa kahalagahan ng pagmamahal sa bansa at pandaigdigang pagkakaisa tungo sa maunlad, mapayapa at mapagkalingang pamayanan. |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Naisasagawa ang mga gawain na may kaugnayan sa kapayapaan at kaayusan tungo sa pandaigdigang pagkakaisa. |
| C. Kasanayan sa Pagkatuto/ Layunin (Isulat ang code ng bawat kasanayan) | 10.2 Lumalahok sa mga kampanya at programa para sa pagpapatupad ng batas tulad ng pagbabawal ng paninigarilyo, pananakit ng hayop, at iba pa.<br>**EsP6PPP-IIIh-i-40** |
| | **Layunin:** 10.2.1 Nakapaghahanda ng isang anunsyo para sa tamang pangangalaga sa mga hayop. |
| ***II. NILALAMAN*** | • Yunit III: Pagmamahal sa Bansa at Pakikibahagi sa Pandaigdigang Pagkakaisa<br>• Pagsunod sa Batas Hatid ay Maayos na Pamayanan<br>• Republic Act 8485 as Amended by RA 10631 (The Animal Welfare Act of 1998 as Amended), Republic Act 9482 (Anti-Rabies Act of 2007)<br>Integrasyon ng Edukasyon sa Rabies: Responsibleng Pag-aalaga ng Hayop at Pag-iwas sa Rabies. |
| ***III. KAGAMITAN SA PAGTUTURO*** | |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng guro | |
| 2. Mga pahina sa kagamitang pang-mag-aaral | |
| 3. Mga pahina sa teksbuk | |

<table>
<tr><td>4. Karagdagang Kagamitan mula sa Portal ng Learning Resource</td><td>Gabay Pangkurikulum sa Edukasyon sa Pagpapakatao p. 87</td></tr>
<tr><td>A. Iba pang kagamitang panturo</td><td>Republic Act 8485 as Amended by RA 10631 (The Animal Welfare Act of 1998 as Amended)<br>Excerpt ng Republic Act 9482, bahagi ng Responsableng pagmamay-ari ng hayop at ang kaparusahan nito, coloring material, permanent marker, 1/4 Cartolina</td></tr>
<tr><td>IV. PAMAMARAAN</td><td></td></tr>
<tr><td>A. Balik aral o pagsisimula ng bagong aralin</td><td>Itanong ang mga sumusunod:<br>1. Sino ang may alagang hayop sa bahay?<br>2. Ano-ano ang inyong alagang hayop sa bahay?<br>3. Paano ninyo sila inaalagaan?</td></tr>
<tr><td>B. Paghahabi ng layunin ng aralin</td><td>Gawain 1: Pangkatang Gawain (5 minuto)<br><br>Panuto: Isulat kung ano ang dapat at hindi dapat gawin sa pag-aalaga ng hayop. Gamiting gabay ang pormat sa ibaba.<br><br>• Pangkatin ang mga mag-aaral ayon sa dami ng mag-aaral sa klase.<br>• Magbigay ng Activity Sheet na katulad ng nasa ibaba (Attachment B).<br>• Sabihin sa mga mag-aaral na mamimili lamang ng isang uri ng hayop ang grupo pagkatapos ay ilahad ang mga dapat at hindi dapat gawin sa pag-aalaga ng hayop na ito.<br>• Bigyan ng 2 minuto ang bawat grupo upang maisagawa ang gawain.<br>• Isusulat ng grupo ang kanilang sagot sa Activity Sheet.<br>Paano Sila Aalagaan?<br>Alagang Hayop: ______________________<br><br>
<table>
<tr><th>Ano ang dapat gawin?</th><th>Ano ang hindi dapat gawin?</th></tr>
<tr><td>1.</td><td>1.</td></tr>
<tr><td>2.</td><td>2.</td></tr>
<tr><td>3.</td><td>3.</td></tr>
</table></td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | **Gabay na tanong:**<br>1. Bakit kailangan itong gawin sa ating mga alagang hayop?<br>2. Bakit hindi dapat gawin sa ating mga alagang hayop ang inyong isinulat sa ikalawang kolum? |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | Alam ba ninyo na may batas na nangangalaga sa kapakanan ng mga hayop?<br><br>Ano ba ang batas?<br>Ang mga batas ng ating bansa ang nagsisilbing gabay sa mga mamamayan upang maprotektahan ang kanilang karapatan. Ito rin ay nagsisilbing gabay upang magkaroon ng kaayusan at kapayapaan sa bawat pamayanan. |
| D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | • Ilalahad ng guro ang mga dapat at hindi dapat gawin sa pag-aalaga ng hayop sa pamamagitan ng pagpapaliwanag sa mag-aaral ng Section 8 at bahagi ng Section 9 ng Animal Welfare Act of 1998 as Amended (RA 8485 as amended by RA 10631).<br>• Iuugnay ng guro ang sagot ng mga mag-aaral sa panimulang gawain sa paglalahad ng Animal Welfare Act.<br><br>**MalayangTalakayan** (10 minuto)<br><br>Ang ating mga alagang hayop sa bahay ay dapat nating alagaang mabuti. Dapat natin silang bigyan ng:<br>• inumin at pagkain;<br>• komportableng pahingahan;<br>• pagkakataon upang makagalaw nang mabuti o makakilos ng normal; at<br>• kalayaan sa takot at pagkabalisa.<br><br>Ang mga hayop tulad ng pusa at aso na nasa ating tahanan o sa ating paligid ay maaaring pagmulan ng rabies, ito ang virus na maaaring makuha sa pamamagitan ng mga kagat ng hayop, kaya't bilang tagapag-alaga ng mga ito dapat natin silang:<br>• pabakunahan laban sa rabies kapag sila ay 3 buwan na at taon-taon matapos ang kanilang unang bakuna.<br>• dalhin sa beterinaryo para sa iba pang bakuna na kailangan nila |

| | |
|---|---|
| | • panatilihing malinis at komportable ang kanilang kapaligiran<br>• huwag hayaang nakakawala ang ating mga alaga sa lansangan<br>Dahil ditto, ang bawat nag-aalaga ng mga hayop ay dapat sumunod sa RA 9482, ang batas na tinatawag na "Anti-Rabies Act of 2007". Ang Anti-Rabies Act of 2007 ay batas na naglalayong maprotektahan ang tao laban sa pagkakaroon ng rabies. Dapat sundin ito upang maiwasan ang rabies ng ating mga kapamilya o mga taong nakapaligid sa mga hayop na ating alaga. Ang mga hindi sumunod dito ay may karampatang parusa, tulad ng mga sumusunod:<br>1. Hindi pagpaparehistro at hindi pagpapabakuna ng alagang aso laban sa rabies, multa ng dalawang libong piso (Php 2,000.00).<br>2. Ang may ari ng asong hindi nabakunahan laban sa rabies ang mananagot at magbabayad sa pagbabakuna sa taong kinagat ng kanilang alagang aso.<br>3. Hindi pagpayag na paobserbahan ang kanilang alagang aso na nakakagat ng tao, multa ng sampung libong piso (Php 10,000.00).<br>4. Hindi pagpayag na paobserbahan ang kanilang alaga at bayaran ang pagbabakuna sa taong nakagat ng kanilang aso, multa ng dalawampu't limang libong piso (Php 25,000.00).<br>5. Hindi pagtatali ng alagang aso habang nasa pampublikong lugar, multa ng limang daang piso (Php 500.00).<br>Mga gabay na Tanong:<br>1. Ano-ano ang dapat at hindi dapat gawin sa mga alagang hayop?<br>2. Ano ang maari nating makuha mula sa mga kagat ng hayop?<br>3. Ano-anong batas ang pumuprotekta sa mga hayop?<br>4. Ano-ano ang maaaring mangyari sa mga taong hindi sumusunod sa batas? |
| E. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng | |

| | |
|---|---|
| bagong kasanayan #2 | |
| F. Paglinang ng kabihasaan | **Gawain 2: Ipaalam sa Lahat!** (5 minuto)<br><br>Pangkatang Gawain.<br>(Ang guro ang magpapasya kung ilang pangkat ang akma sa kanyang klase.)<br><br>Panuto:<br>1. Pumili ng isang paksa na nasa ibaba at gumawa ng isang anunsiyo.<br>a. Tamang pangangalaga ng alagang hayop partikular ang aso.<br>b. Hakbang upang maiwasan ang Rabies. (Gumamit ng coloring material, permanent marker, 1/4 Cartolina<br>2. Ipapaskil ng bawat grupo ang awtput sa dingding ng silid-aralan upang magsilbing *gallery walk.* |
| G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay. | Babalikan ng klase sa paggabay ng guro ang mga awtput na napaskil sa dingding ng silid aralan, isa-isang babasahin at ipoproseso ito.<br><br>Gabay na tanong sa pagproseso ng Gawain 2:<br>1. Bakit dapat mabatid ng lahat ang sumusunod:<br>a. tamang pangangalaga ng hayop;<br>b. mga hakbang sa pag-iwas sa rabies;<br>c. mga naitutulong nito sa ating pang-araw araw na buhay? |
| H. Paglalahat ng aralin | Ang pagsunod sa batas ay ___________________________<br><br>(magbubunga ng katahimikan at kapayapaan tungo sa maayos na pamayanan, isang paraan ito ng pagpapakita ng pagmamahal sa ating bansa.)<br><br>Ang RA 8485 as Amended by RA 10631 (The Animal Welfare Act of 1998 as Amended) ay batas na ating gabay sa tamang pag-aalaga ng hayop. |

| | |
|---|---|
| | RA 9482 (Anti-Rabies Act of 2007) ay nagtatadhana ng mga gabay upang ating maiwasan ang rabies. Ang paglabag dito ay may kauulang parusa. |
| I. Pagtataya ng aralin | **Gawain 3: Isulat Mo!** (5 minuto)<br><br>Sa isang pangungusap, ilarawan ang pamayanan kung saan ang mga mamamayan ay sumusunod sa Animal Welfare Act of 1998 at Anti – Rabies Act of 2007. Isulat ang sagot sa ika-apat na bahagi ng papel. |
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation | Paalala: Maaaring pumili lamang ng isang gawain batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral.<br><br>Karagdagang Gawain: Islogan Ko, Basahin Mo!" Tingnan sa *Attachment C*<br><br>Panlinang na Gawain: "Pangako ko, Gagawin Ko!" Tingnan sa *Attachment D* |
| ***V. MGA TALA*** | |
| ***VI. PAGNINILAY*** | |

| | |
|---|---|
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mga-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | |
| C. Nakatulong ba ang remediation? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin. | |
| D. Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | |
| E. Alin sa mga istratehiya ng pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyonan sa tulong ng aking punong-guro / prinsipal at superbisor? | |
| G. Anong kagamitan ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapuwa ko guro? | |

**TEACHER'S HANDOUT**

Section 8 and 9 of THE ANIMAL WELFARE ACT OF 1998 AS AMENDED
(RA 8485 as amended by RA 10631)

SECTION 8. It shall be the duty of every person to protect the natural habitat of the wildlife. The destruction of said habitat shall be considered as a form of cruelty to animals and its preservation is a way of protecting the animals.

SECTION 9. Any person who subjects any animal to cruelty, maltreatment or neglect shall, upon conviction by final judgment, be punished by imprisonment and/or fine, as indicated in the following graduated scale:

1) Imprisonment of one (1) year and six (6) months and one (1) day to two (2) years and/or fine not exceeding One hundred thousand pesos (P100,000.00) if the animal subjected to cruelty, maltreatment, or neglect dies;

2) Imprisonment of one (1) year and one (1) day to one (1) year and six (6) months and/or a fine not exceeding Fifty thousand pesos (P50,000.00) if the animal subjected to cruelty, maltreatment or neglect survives but is severely injured with loss of its natural faculty to survive on its own and needing human intervention to sustain its life; and

3) Imprisonment of six (6) months to one (1) year and/or fine not exceeding Thirty thousand pesos (P30,000.00) for subjecting any animal to cruelty, maltreatment or neglect but without causing its death or incapacitating it to survive on its own.

If the violation is committed by a juridical person, the officer responsible thereof shall serve the imprisonment. If the violation is committed by an alien, he or she shall be immediately deported after the service of sentence without any further proceeding.

The foregoing penalties shall also apply for any other violation of this Act, depending upon the effect or result of the act or omission as defined immediately in the preceding sections.

However, regardless of the resulting condition to the animals, the penalty of two (2) years and one (1) day to three (3) years and/or a fine not exceeding Two hundred fifty thousand pesos (P250,000.00) shall be imposed if the offense is committed by any of the following: (1) a syndicate; (2) an offender who makes business out of cruelty to an animal; (3) a public officer or employee; or (4) where at least three (3) animals are involved.

In any of the foregoing situations, the offender shall suffer subsidiary imprisonment in case of insolvency and the inability to pay the fine.

ATTACHMENT A

**Rubrik para sa Gawain 2**

| Marka | Kraytirya |
|---|---|
| **5** | Ang anunsiyo ay nagtataglay ng malinaw at komprehensibong impormasyon hinggil sa tamang pag-aalaga ng hayop at ang mga karampatang parusa sa mga lalabag sa Anti-Rabies Law ay malinaw na naipahayag sa anunsiyo. |
| **3** | Ang anunsiyo ay may kakulangan na impormasyon hinggil sa tamang pag-aalaga ng hayop at ang mga karampatang parusa sa mga lalabag sa Anti-Rabies Law ay hindi gaanong naipahayag sa anunsiyo. |
| **1** | Ang anunsiyo ay hindi maunawaan ng mambabasa at ang mga karampatang parusa sa mga lalabag sa Anti-Rabies Law ay hindi nabanggit. |

**Rubrik para sa Pagtataya**

| Marka | Kraytirya |
|---|---|
| **5** | Ang pangungusap ay malinaw na naipapahayag ang ideya ng pamayanang sumusunod sa batas na tinalakay. |
| **3** | Ang pangungusap ay may kakulangan na ideya hinggil sa pamayanang sumusunod sa batas na tinalakay. |
| **1** | Ang pangungusap ay hindi maayos ang pagkakasulat. |

**Rubrik para sa Karagdagang Gawain**

| Marka | Kraytirya |
|---|---|
| 5 | Ang islogan ay malinaw na naipapahayag ang ideya ng tamang pangangalaga sa hayop upang maiwasan ang rabies. |
| 3 | Ang islogan ay may malabong ideya hinggil sa tamang pangangalaga ng hayop upang maiwasan ang rabies. |
| 1 | Ang islogan ay hindi maayos ang pagkakasulat. |

**Rubrik para sa Panlinang na Gawain**

| Marka | Kraytirya |
|---|---|
| 5 | Ang pangako ng mag-aaral ay malinaw na naipapahayag ang ideya ng tamang pangangalaga sa hayop upang maiwasan ang rabies. |
| 3 | Ang pangako ng mag-aaral ay may malabong ideya hinggil sa tamang pangangalaga ng hayop upang maiwasan ang rabies. |
| 1 | Ang pangako ng mag-aaral ay hindi maayos ang pagkakasulat. |

**ATTACHMENT B**

## Gawain 1: Paano Sila Aalagaan?

Alagang Hayop: ____________________

| Ano ang dapat gawin? | Ano ang hindi dapat gawin? |
| --- | --- |
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |

**ATTACHMENT C**

## Karadagang Gawain: Islogan ko, Basahin Mo!
## (Remedial Activity)

Panuto: Sumulat ng isang islogan na nagpapahayag ng tamang pangangalaga sa alagang hayop upang maiwasan ang rabies.

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**ATTACHMENT D**

## Panlinang na Gawain: Pangako ko, Gagawin Ko!

Panuto: Ilagay sa loob ng puso ang iyong pangako kung paano magiging bahagi ng adbokasiya sa tamang pangangalaga ng hayop upang makaiwas sa rabies.



EDUKASYON PANGTAHANAN AT PANGKABUHAYAN 4 (epp41e-0g-13)

| | |
|---|---|
| ***I. LAYUNIN*** | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ang kaalaman at kakayahan sa paggamit ng *productivity tools* upang maipakita ang numerikal at tekstuwal na impormasyon sa pamamagitan ng *table* o tsart |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Nakagagawa ng *table* at tsart gamit ang *productivity tools* upang magpakita ng impormasyon |
| C. Kasanayan sa Pagkatuto/ Layunin (Isulat ang code ng bawat kasanayan) | 4.1 Nakagagawa ng *table* at tsart gamit ang *word processor*<br>EPP41E-0g-13 |
| ***II. NILALAMAN*** | Pagsusuri ng Impormasyon Gamit ang ICT, p. 7<br>Integrasyon ng Rabies Education:<br>➢ Sintomas ng Rabies sa Tao<br>➢ Sintomas ng Rabies sa Hayop<br>➢ Mga Kaalaman Upang Maiwasan ang Rabies |
| ***III. KAGAMITANG PANTURO*** | |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng guro | K to 12 CG EPP 4, TG 4 Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan<br>pp.40-42 |
| 2. Mga pahina sa kagamitang pang-mag-aaaral | |
| 3. Mga pahina sa teksbuk | LM 4 Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan, pp. 109-121 |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa Portal ng Learning Resource | |
| B. Iba pang kagamitang panturo | GARC Module at CD, laptop, cartolina, manila paper, bond paper, pentel<br>pen,lapis,ballpen,ruler,improvised keyboard |

| ***IV. PAMAMARAAN*** | |
|---|---|
| A. Balik- aral o pagsisimula ng bagong aralin | Itanong:<br>Ano ang tamang paraan sa pagkopya ng mga nada *download* na impormasyon mula sa *internet*? |
| B. Paghahabi ng layunin ng aralin | Ano ang *table* at ano ang tsart?<br>Ano ang *word processor*?<br>Saan pwedeng gamitin ang mga *table* at tsart?<br>Ano-ano ang kahalagahan ng paggamit ng *table* at tsart? |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | Magtala ng ibat-ibang uri ng hayop na makikita mo sa inyong bahay o sa pamayanan.<br><br>*Pangganyak na tanong:*<br>1. Alin sa mga hayop na inyong naitala ang gusto mong alagaan?<br>2. Bakit iyan ang napili mong alagaan?<br>3. Sa napili mong hayop, minsan ba nakita mo itong nagkasakit?<br>4. Ano-anong mga sintomas ang nakikita mo tuwing ito ay nagkakasakit? |
| D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | *Magkaroon ng talakayan tungkol sa Rabies Awareness gamit ang GARC- Module 1(tingnan sa Teacher's Handout 1.1 1.2 at 1.3 sa pahina 4 5 at 6)*<br>*Ipakikita ng guro ang mga kaalaman upang maiwasan ang rabies at ang ibat-ibang sintomas ng rabies sa tao at sa hayop sa pamamagitan ng isang tsart.* |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | Talakayan sa tamang paggawa ng table at tsart gamit ang word processor.Tingnan ang batayang aklat sa Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4, pahina 109-121) |
| F. Paglinang ng kabihasaan (leads to Formative Assessment 3) | Basahin ang mga parirala at alamin kung ito ay sintomas ng *rabies* sa tao o sa hayop at isulat ito sa tsart.<br>1. takot sa liwanag<br>2. matinding paglalaway<br>3. ngumangatngat ng kung ano-ano<br>4. takot sa tubig<br>5. sumasakit ang ulo |

<table>
<tr>
<td>G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay.</td>
<td>Pangkatin ang klase sa dalawa at sagutan ang tsart.<br>Pangkat 1: Gumawa ng table o tsart gamit ang word processor batay sa mga impormasyong nabasa o napag-aralan tungkol sa Rabies Awareness.<br>MGA SINTOMAS/SENYALES NG RABIES
<table>
<tr><th>TAO</th><th>HAYOP</th></tr>
<tr><td>1.</td><td>1.</td></tr>
<tr><td>2.</td><td>2.</td></tr>
<tr><td>3.</td><td>3.</td></tr>
<tr><td>4.</td><td>4.</td></tr>
</table>
Pangkat 2: Gumawa ng table o tsart gamit ang word processor at isulat ang mga sumusunod na detalye:<br>MGA KAALAMAN UPANG MAIWASAN ANG RABIES
<table>
<tr><th>TAO</th><th>HAYOP</th></tr>
<tr><td>1.</td><td>1.</td></tr>
<tr><td>2.</td><td>2.</td></tr>
<tr><td>3.</td><td>3.</td></tr>
<tr><td>4.</td><td>4.</td></tr>
</table>
</td>
</tr>
<tr>
<td>H. Paglalahat ng aralin</td>
<td>Itanong:<br>Batay sa ating tinalakay, mahalaga bang magkaroon ng kaalaman ang mga tao sa mga sintomas ng rabies sa hayop at sa tao? Bakit?</td>
</tr>
<tr>
<td>I. Pagtataya ng aralin</td>
<td>Sabihin:<br>Gumawa ng table o tsart gamit ang word processor batay sa isang tiyak na impormasyon. (Tingnan ang Gawain 1.1, pahina 7)Tingnan ang Rubrik sa Teacher's Handout 1.3, pahina 6.</td>
</tr>
<tr>
<td>J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation</td>
<td>Takdang Aralin:<br>Mag-isip ng negosyong nais mong itayo sa hinaharap. Gumawa ng plano nito at gawan ng tsart gamit ang teknolohiya o word processor.</td>
</tr>
<tr>
<td>V. MGA TALA</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| ***VI. PAGNINILAY*** | |
|---|---|
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mga-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | |
| C. Nakatulong ba ang remediation? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin. | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | |
| E. Alin sa mga istratehiya ng pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasang na solusyunan sa tulong ng aking punong guro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitan ang aking nadibuhong nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |

## TEACHER'S HANDOUT 1.1

**Sintomas ng Rabies sa Tao**



**TEACHER'S HANDOUT** 1.2

**Sintomas ng Rabies sa Hayop**












## TEACHER'S HANDOUT 1.3

### RUBRIKS SA PAGGAWA NG TABLE O TSART GAMIT ANG WORD PROCESSOR

| **5 puntos** | **3 puntos** | **1 puntos** |
|---|---|---|
| Tama at kompletong paggawa ng *table* o tsart gamit ang *word processor* | Tama ang pagkagawa pero kulang ang impormasyong nakasulat sa *table* o tsart gamit ang word *processor* | Mali at kulang ang pagkagawa ng *table* o tsart gamit ang *word processor* |

Paalala:

Kapag walang *computer* o *laptop* sa isang paaralan, ang guro ay kailangang gumamit ng *improvised* na *keyboard* ng computer sa paggawa ng *table* o tsart.

## GAWAIN 1.1

Panuto: Gumawa ng *table* o tsart gamit ang *word processor* batay sa mga sumusunod na impormasyon.

**Sitwasyon:**

### ANG MGA MASISIPAG NA MAGPINSAN

Nagkasundo ang magpinsang sina Rasha at Ranz na tumulong sa kanilang Tiyo Enzo upang makaipon ng pambili ng mga gamit nila sa paaralan sa darating na pasukan. Natuwa naman ang kanilang tiyo sa pagtulong nila sa pagbabantay ng *Pet Shop* nitong nasa kanilang lugar.

Noong Biyernes kumita sila ng Php 2,500.00, noong Sabado naman ay Php 1,900.00 at Php 4,500.00 noong Linggo. Umabot sa Php 8,900.00 ang kabuuang kinita ng *Pet Shop* sa tatlong araw na pagbebenta nila ng mga pagkain, tali, at iba pang mga kagamitan sa pangangalaga ng iba't ibang uri ng hayop.

Natuwa ang kanilang tiyuhin kaya't sinagot na nito ang pambili ng kanilang mga gamit sa paaralan. Naging makabuluhan ang kanilang bakasyon at nagkaroon pa sila ng dagdag kaalaman sa wastong pangangalaga sa mga hayop.

***ANG WORD PROCESSOR***

Ang *word processor o word processing application* ay isang programang tumutulong sa paglikha ng mga tekstuwal na dokumento at sa pag-*edit* at pag-*save* ng mga ito sa *computer file system.*

Sa tulong ng *word processing application*, maaari rin nating isaayos ang mga numerikal at tekstuwal na impormasyon sa pamamagitan ng *table* at tsart.

***ANG TABLE***

Ang *table* ay koleksyon ng magkakaugnay na tekstuwal na impormasyong nakaayos sa pamamagitan ng *rows* at *columns.* Mas madaling nasusuri ang mga dato kung ito ay nakaayos sa *table*.

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

***ANG TSART***

Ang tsart ay biswal na modelo ng mga numerikal na impormasyon. Gumagamit ito ng mga imahe at simbolo upang maging mas madali ang pagsusuri ng mga dato.

TANDAAN NATIN

Ang paggamit ng *table* at tsart ay nakatutulong upang maging mas madali ang pagsusuri ng mga numerical at tekstuwal na impormasyon. Ang *word processing application* ay isang *productivity tool* na may kakayahang makagawa ng *table* at tsart sa isang dokumento.

**Paggawa ng Table**

Subuking gumawa ng *table* gamit ang *word processing application*. Sundin lamang ang mga sumusunod na panuto:

1. Buksan ang inyong *word processing application*.

2. I-*click* ang *Insert tab* na makikita sa gawing itaas ng inyong *screen*. I-click ang *Table button*.




3. Itakda ang bilang ng hanay na pahalang o *rows* at hanay na pababa o *columns.* Para sa gawain, gumawa ng tatlong *column* at anim na *row*. Magkakaroon ng *table* sa inyong *document window.*

4. I-*type* ang mga sumusunod na dato sa *cells* ng *table.*

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

5. Tingnan ang halimbawa ng *output* sa ibaba.

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

6. I- save ang file, bigyan ito ng file name na “Paggawa ng Table”.

Paggawa ng Tsart

Subukin naman nating gumawa ng tsart gamit ang word processing application. Sundan ang mga sumusunod na hakbang:

1. Buksan ang *MS Word application* na isang halimbawa ng *word processor*.

2. I-*click* ang *Insert tab* at I-*click* ang *Insert Chart button*.



3. Magbubukas ang *Insert Chart dialog box*.

4. Piliin ang *default chart (clustered column)* at i-*click* ang *OK*.

5. Magkakaroon ng *default chart* sa *word document* at magbubukas ang isang *data sheet*.

6. Palitan ang mga *default* na dato sa *data sheet* at i-*type* ang mga impormasyon.

7. Kung tapos nang ma *i-type* ang mga dato ay maaari nang isara ang *data sheet*.

8. Sa *word processor* ay makikita mo ang tsart na naglalaman ng mga impormasyon.

9. I-*save* ang *word document* na ito sa inyong *folder* at bigyan ng *File name* na "Paggawa ng Tsart".

**TEACHER'S HANDOUT** 1.3

## Mga Kaalaman Upang Maiwasan ang Rabies

1. Pabakunahan sa beterinaryo ang inyong mga alagang aso at pusa laban sa Rabies taon-taon.

2. Huwag hayaang gumala ang inyong alagang aso at pusa sa kalsada.

3. Huwag saktan ang inyong alagang aso at pusa. Huwag silang sipain, batuhin o hilahin ang anumang parte ng kanilang katawan.

4. Hugasan agad ang sugat mula sa kagat ng aso at pusa ng sabon sa dumadaloy na tubig.

5. Huwag lumapit sa mga aso at pusa na gumagala sa kalye. Huwag ding gambalain ang inyong mga alagang aso at pusa kapag sila ay natutulog, kumakain o nagpapadede ng kanilang mga anak.

6. Alagaan nang mabuti ang inyong aso at pusa. Bigyan sila ng maayos na tirahan sapat at malinis na pagkain at tubig.

7. Ipaalam agad sa mga nakatatanda kapag nakagat ng hayop at magpatingin sa Health Center o Animal Bite Treatment Center (ABTC).

EDUKASYON PANGTAHANAN AT PANGKABUHAYAN 4 (epp4ag-0i-18)

| | |
|---|---|
| ***I. LAYUNIN***<br><br>A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ang pang-unawa sa panimulang kaalaman sa kasanayan sa pag-aalaga ng hayop sa tahanan at ang maitutulong nito sa pag-unlad ng pamumuhay. |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Naisasagawa nang may kawilihan ang pag-aalaga sa hayop sa tahanan bilang mapagkakakitaang gawain. |
| C. Kasanayan sa Pagkatuto/ Layunin (Isulat ang code ng bawat kasanayan) | 2.4.4 Naisasaalang-alang ang mga kautusan/batas tungkol sa pangangalaga ng pararamihing hayop. |
| | **EPP4AG-0i-18** |
| | 1. Naipaliliwanag nang maayos ang mga kautusan/batas tungkol sa<br>pangangalaga ng pararamihing hayop;<br>2. Naipakikita sa pamamagitan ng pagsasadula ang iba't-ibang<br>kautusan/batas sa pangangalaga ng hayop;<br>3. Napahahalahagan ang mga alagang hayop ayon sa napag-aralang<br>mga batas sa pamamagitan ng paggawa ng islogan |
| ***II. NILALAMAN*** | Pag-aalaga ng Hayop<br>Pagiging Masunurin |
| ***III. KAGAMITANG PANTURO*** | |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng guro | EPP 4 K-12 *Curriculum Guide* p.10 of 41; *Teacher's Guide* pp. 205-207 |
| 2. Mga pahina sa kagamitang pang-mag-aaaral | EPP 4 K-12 LM pp. 446-450 |
| 3. Mga pahina sa teksbuk | EPP 4 K-12 pp.446-448 |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa Portal ng Learning Resource | |
| B. Iba pang kagamitang panturo | *Powerpoint presentation* o mga larawan ng mga pagmamalupit ng mga hayop (GARC), kopya ng *Animal Welfare Act of* 1998, Seksyon 6 ng batas, RA No. 10631, at |

| | |
|---|---|
| | *House Bill* 914 sa *powerpoint* o tsart, *pet owner directory bingo card, metacards/paper strips* |
| ***IV. PAMAMARAAN*** | |
| A. Balik-aral o pagsisimula ng bagong aralin<br>( 2 minuto ) | Balik-aralan ang aralin sa paggawa ng iskedyul ng pag-aalaga ng hayop.<br>Larong *Blockbuster*<br>Panuto: Alamin ang sagot sa bawat tanong ayon sa *clue letter* nito.<br>*1.* Anong *I* ang gabay sa paggawa ng mga gawain ayon sa nakasaad na araw o panahong ginagampanan ng tagapag-alaga ng hayop? Sagot: *Iskedyul*<br>2. Anong *P* na iskedyul ang tumutukoy sa pagsasama-sama ng bawat kasapi ng pamilya sa pag-aalaga ng hayop? Sagot: *pangmag-anak*<br>3. Anong *R* ang isa sa mga mabubuting katangiang maipakikita sa pagsunod ng ginawang iskedyul sa pag-aalaga ng hayop? Sagot: *responsable* |
| B. Paghahabi ng layunin ng aralin<br>(3 minuto) | Sabihin: Ngayong araw ay maglalaro tayo ng *Pet Owner Directory Bingo*.<br>*(Tingnan ang Pagsasanay Bilang 1, pahina 9)*<br>Mga tanong pagkatapos ng gawain:<br>1. Nagustuhan niyo ba ang *Pet Owner Directory Bingo? Bakit?*<br>2. Bilang mga pet owners, alam ba ninyo ang mga batas tungkol sa wastong pangangalaga ng hayop?<br>3. Bakit kailangan nating malaman ang mga batas tungkol sa wastong pag-aalaga ng hayop? |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa nakaraang aralin sa bagong aralin<br>(13 minuto) | *Sabihin:*<br>Ang mga hayop ay dapat nating inaalagaan nang maayos dahil nakatutugon sila sa mga pangangailangan ng tao at nagdudulot pa ng kasiyahan sa mga kasapi ng pamilya. Ang mga ito ay hindi dapat sinasaktan o pinapatay nang walang dahilan gaya ng ritwal ng isang relihiyon o katutubong tradisyon, may malubhang sakit at wala nang lunas, at mapanganib para sa mga taong malapit dito. Ang mga lalabag sa batas tungkol dito ay may mga kaukulang parusa. Tingnan nang mabuti ang mga larawan ng pagmamalupit ng mga alagang hayop at mga kaukulang batas at parusa kapag napatunayang may sala.<br>*Ipakita:*<br>Mga larawan/*powerpoint presentation* ng pagmamalupit ng mga alagang hayop. *(Tingnan sa Teacher's Handout No.1,* |

| | |
|---|---|
| | *pahina 5)* at ang mga kaukulang batas tungkol dito. *(Tingnan sa Teacher's Handout No. 2, pahina 6)* |
| D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 (7 minuto) | 1. Ano-ano ang mga batas na nabanggit tungkol sa pangangalaga ng mga alagang hayop?<br>2. Aling batas ang mas kilalang *Animal Welfare Act*? Bakit mahalaga ang batas na ito?<br>3. Ayon sa Seksyon 6 ng RA No. 8485 ng 1998, kailan lang maaaring patayin ang isang hayop? Magbigay ng apat na halimbawa.<br>4. Magkano na ang bagong piyansa para sa lumalabag sa *Animal Welfare Act* ayon sa *Republic Act No*. 10631 ng 2013? Bakit kaya ito pinataasan?<br>5. Anong *House Bill* ang unang hayagang nagbabawal sa paggawa ng mga *crush video* at ang pamamahagi nito sa anumang *medium* na maaaring gamitin? |
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 ( 12 minuto ) | *Sabihin:*<br>Ngayon, ating bibigyan ng buhay ang mga batas na nangangalaga ng mga alagang hayop.<br>Magkakaroon ng pangkatang gawain sa pagsasadula tungkol sa mga batas na nakasulat sa *metacards*.<br>*(tunghayan sa Pagsasanay Bilang 2, pahina 10 at Teacher's Handout No. 4, pahina 7 para sa rubrik)*<br>*Pamprosesong Tanong:*<br>1. Ano ang inyong naramdaman habang ginagawa ang pangkatang gawain?<br>2. Mayroon ba kayong natutunan sa pagsali sa pangkatang gawain? Ipaliwanag. |
| F. Paglinang ng kabihasaan (leads to Formative Assessment 3) | |
| G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay. ( 1 minuto ) | *Sabihin:*<br>Marami pa sa ating mga kasapi sa pamilya, kapitbahay at<br>kamag-anak ang hindi pa alam ang mga batas na nangangalaga sa mga alagang hayop.<br>*Itanong:*<br>Paano ninyo ito maibabahagi sa iyong pamilya at sa mga kaibigang nag- aalaga ng hayop? |

| | |
|---|---|
| H. Paglalahat ng aralin (2 minuto) | *Itanong*:<br>1. Bilang kabuuan, ano-ano ang inyong nalalaman ngayon tungkol sa mga batas na nangangalaga sa mga hayop?<br>2. Bakit kailangan nating sumunod sa mga nasabing batas? |
| I. Pagtataya ng aralin (8 minuto) | *(Tingnan sa Pagsasanay Bilang 3, pahina 11)* |
| J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation (2 minuto) | A. Karagdagang Gawain<br>*Sabihin:*<br>Ngayong naintindihan na natin ang mga batas na nangangalaga sa mga hayop, gagawa tayo ng islogan tungkol dito para maibahagi naman natin sa kapwa ang mga dapat at di-dapat gawin sa mga alagang hayop. Gagamit lang ng *legal size bondpaper*, lapis at krayola.<br>*(Tingnan ang Mekaniks at Rubrik- Teacher's Handout No.5, pahina 8)*<br>B. Panlinang na Gawain<br>Magsaliksik sa mga *website/* silid-aklatan tungkol sa mga batas sa tatlong iba't ibang bansa tungkol sa pangangalaga sa alagang hayop. Alamin din ang mga kaukulang parusa para rito at ihambing sa ating pinag-aralang batas. Isulat o i-*print* ito sa *legal size bondpaper*. |
| ***V. MGA TALA*** | |
| ***VI. PAGNINILAY*** | |
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya. | |
| B. Bilang ng mga-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | |
| C. Nakatulong ba ang remediation? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin. | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | |
| E. Alin sa mga istratehiya ng pagtuturo ang nakatulong nang lubos? Paano ito nakatulong? | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasang nasolusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | |
| G. Anong kagamitan ang aking nadibuhong nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | |

**TEACHER'S HANDOUT** No. 1













TEACHER'S HANDOUT No. 2

## Mga Batas at Panukalang Batas na Nangangalaga sa Hayop

**1. *Republic Act No*. 8485 ng 1998**

Ito ay mas kilala bilang ***Animal Welfare Act*,** ang unang batas na komprehensibong pagtakda sa tama at makataong pangangalaga ng mga mamamayan sa lahat ng hayop sa bansa.

**2. Seksyon 6 ng RA No. 8485 ng 1998**

Dito ipinagbabawal ang pagmamalupit sa mga hayop. Ipinasa rin sa bahaging ito ng batas na hindi maaaring pumatay ng hayop maliban sa mga hayop na kinakain.

Isang paglabag sa batas ang pagpatay sa mga hayop maliban na lamang kung ito ay dahil sa ritwal ng isang relihiyon o katutubong tradisyon, may malubhang may sakit at wala ng lunas, at mapanganib para sa mga taong malapit dito.

3. ***Republic Act No.* 10631 ng 2013**

Ang batas na nag-amyenda sa ilang seksyon ng *Animal Welfare Act* kung saan may mas mataas na piyansa o parusa kapag napatunayan ang paglabag sa *Animal Welfare Act*. Itinaas ng RA No. 10631 ang multa sa paglabag sa batas, mula sa dating Php 1,000.00 hanggang Php 5, 000.00, ginawa itong Php 50, 000.00 hanggang Php 100,000.00.

4. **Panukalang Batas o *House Bill No*. 914**

Ang panukalang ito ang unang hayagang pagbabawal sa paggawa ng mga *crush video* at ang pamamahagi nito sa anumang medium na maaaring gamitin.

Ang magiging parusa sa paglabag nito ay ang pagkakulong ng tatlo hanggang pitong taon o kaya piyansang mula Php 100,000.00 hanggang Php 300, 000.00.

**TEACHER'S HANDOUT** No. 4

**Rubrik para sa Pagsasadula : Mga Batas na Nangangalaga sa mga Alagang Hayop**

*Group No.* ______________

| *Kraytirya* | *Lubhang Kahika-hikayat (5 puntos)* | *Kahika-hikayat (4 puntos)* | *Di-Gaanong Kahika-hikayat (3 puntos)* | *Puntos* |
|---|---|---|---|---|
| Tinig | Angkop ang paghina at paglakas ng tinig ayon sa diwa at damdamin | Pabago-bago ang lakas at hina ng boses at katamtaman lamang ang pagpapadama ng damdamin | Di-gaanong naiparinig ang pagbabago ng lakas at hina ng tinig gayundin ang damdamin | |
| Tindig | Akma ang bawat kumpas at galaw | May ilang galaw at kumpas na di-gaanong angkop | Kulang ang galaw at kumpas na ipinakita | |
| Panghikayat sa Madla | Taglay nito ang panghikayat sa madla at lahat ay nakikinig base sa naging reaksyon ng tagapakinig | Taglay ang hikayat sa madla ngunit katamtaman lamang ang reaksyon ng madla | Hindi gaanong nahikayat ang mga nakikinig dahil walang gaanong reaksyong makikita sa kanila | |
| Kaangkupan sa paksa | Angkop na angkop ang ipinakita sa paksa | Angkop ang ilang ipinakita sa paksang tinalakay | Hindi gaanong angkop ang ipinakita sa paksa | |
| | | | **Kabuuang Puntos:** | |

**TEACHER'S HANDOUT** No. 5

## MEKANIKS AT RUBRIK SA PAGMARKA NG ISLOGAN

### MEKANIKS:

6. Gagamit ng isang legal o long size na bondpaper. Lagyan ng margin na may tig-iisang pulgada.
7. Maaaring gumamit ng anumang pangkulay tulad ng krayola, *craypas* o *watercolor*.
8. Gamitin ang lapis sa unang pagbabakas at ang pangkulay sa pangalawahan.
9. Maaaring kulayan din ang *background* o likuran ng mga salita.
10. Lima hanggang pitong salita lamang ang gagamitin at dapat nagsisimula sa pandiwa.

### RUBRIK:

| **Kraytirya** | Lubhang kahanga-hanga (5 puntos) | Kahanga-hanga (4 puntos) | Medyo kahanga-hanga (3 puntos) | Di-gaanong Kahanga-hanga (2 puntos) | Puntos |
|---|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Ang mensahe ay mabisang naipakita. | Di gaanong naipakita ang mensahe. | Medyo magulo ang mensahe. | Walang mensaheng naipakita. | |
| **Pagkamalikhain** | Napakaganda at napakalinaw ng pagkakasulat ng mga titik. | Maganda at malinaw ang pagkakasulat ng mga titik. | Maganda ngunit di gaanong malinaw ang pagkakasulat ng mga titik. | Di maganda at malabo ang pagkakasulat ng mga titik. | |
| **Kaangkupan sa Paksa** | May malaking kaugnayan sa paksa ang islogan. | Di gaanong may kaugnayan sa paksa ang islogan. | Kaunti lang ang kaugnayan ng islogan sa paksa. | Walang kaugnayan sa paksa ang islogan. | |
| **Kalinisan** | Malinis na malinis ang pagkakabuo. | Malinis ang pagkakabuo. | Di gaanong malinis ang pagkakabuo. | Marumi ang pagkakabuo. | |
| | | | | **Kabuuang Puntos:** | |

## Pagsasanay Bilang 1

**I. LAYUNIN:**

Naipakikilala ang mga alagang hayop sa mga kaklase

**II. MGA KAGAMITAN:**

*Pet owner directory bingo card, ballpen* o lapis

**III. PAMARAAN:**

*Pet Owner Directory Bingo Game Strategy*

Sabihin:

1. Bawat isa ay tatanggap ng *pet owner directory bingo card.*
2. Sa loob lamang ng isang minuto, humanap ng mga kamag-aral na may alagang hayop ayon sa nakasulat sa *metacard.*
3. Isulat niya sa ibaba ng alagang hayop ang pangalan ng may-ari na mag-aaral. Dapat mapuno ang tatlong magkakasunod na kahon na maaaring nakatayo, nakahalang o nakahiga.
4. Sisigaw ng "bingo" ang mag-aaral na nakakompleto sa tatlong kahon.
5. Sa pagkakataong talagang hindi makompleto ang tatlong kahon, ang may pinakamaraming nakuhang pangalan sa isang minuto ang siyang panalo.
6. Kukuha ang guro ng unang tatlong nakatapos na mag-aaral. Sasabihin ng mga batang nanalo ang mga pangalan ng mag-aaral at ang kanilang alagang hayop.

*Pet Owner Directory Bingo Card*

| | | |
|---|---|---|
| ASO<br>_______ | PAGONG<br>________ | KUNEHO<br>_________ |
| *GUINEA PIG*<br>_______ | IBON<br>________ | PUSA<br>_________ |
| ISDA<br>_______ | KAMBING<br>________ | MANOK<br>_________ |

## IV. PAGSUSURI:

Ang gawaing ito ay nakatutulong upang mas makikilala ng bawat mag-aaral ang kapwa nila. Sila rin ay masisiyahan na malamang mayroon palang ganitong alagang hayop ang kanilang kapwa mag-aaral.

### Pagsasanay Bilang 2

### Pagsasadula ng mga Mahahalagang Bahagi ng Batas at Panukalang Batas

Panuto:

1. Papangkatin ng guro ang mga mag-aaral sa apat.
2. Isang miyembro ang kukuha ng isang metacard na may lamang batas tungkol sa pangangalaga sa hayop*. (in random order)*
3. Magkakaroon ng brainstorming kung alin sa mahahalagang bahagi ng nakuhang batas angbibigyan ng buhay sa pamamagitan ng pagsasadula.
4. Bibigyan ang grupo ng limang minuto lamang.
5. Dapat ang pagsasadula ay tatagal lang nang hindi hihigit ng 2 minuto.
6. May rubric na gagamitin sa pagmamarka.

## Mga Batas Tungkol sa Pangangalaga ng Hayop

1. *Animal Welfare Act*
2. RA No. 10631
3. Seksyon 6 ng RA No. 8485
4. Panukalang Batas o *House Bill No*. 914

## Pagsasanay Bilang 3

A. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa kuwaderno.

1. Ang *Republic Act No*. 8485 ay mas kilala bilang ________________.
   - a. *Animal Welfare Act*
   - b. Batas sa mga Bata
   - c. Batas sa mga may sakit
   - d. *Paws Welfare*
2. Sa anong seksyon ng batas ng RA No. 8485 ipinagbabawal ang pagmamaltrato at pagpatay sa mga hayop?
   - a. 3
   - b. 4
   - c. 5
   - d. 6
3. Ang Seksyon 6 ng RA 8485 ay nagsasabing __________________.
   - a. hindi maaaring mag-alaga ng hayop ang mahihirap
   - b. hindi maaaring pumatay ng hayop
   - c. hindi parusahan ang walang alagang hayop
   - d. hindi taasan ang piyansa ng lalabag sa batas
4. Ang amyenda o pagbabagong itinakda ng RA No.10631 ay ang __________________.
   - a. mas mababa na piyansa o parusa
   - b. mas mataas na parusa o piyansa
   - c. pagkakakulong lang ang parusa
   - d. walang parusa ang lalabag
5. Ang panukalang batas na ito ang unang hayagang pagbabawal sa paggawa ng mga crush video ng mgahayop.
   - a. Bilang 800
   - b. Bilang 814
   - c. Bilang 900
   - d. Bilang 914

B. Ipaliwanag ang mga sumusunod.

6-8 Magbigay ng tatlong dahilan upang maaaring patayin ang alagang hayop. (3 puntos)

9 -10 Bakit natin dapat alagaan ang ating alagang hayop? Magbigay ng dalawang dahilan. (2 puntos)

Mga Sagot:

1. A
2. D
3. B
4. B
5. D

Maaaring mga sagot:

6-8: kinakain;
ritwal o relihiyon;
may malubhang sakit;
hayop na nasa bingit ng panganib;
mga taong nasa bingit ng panganib dahil sa hayop

9-10: nakatutugon sa pangangailangan ng tao;
nagdudulot ng libangan sa mga kasapi ng pamilya

EDUKASYON PANGTAHANAN AT PANGKABUHAYAN 4 (epp4ag-0h17a)

| | |
|---|---|
| ***I. LAYUNIN*** | |
| A. Pamantayang Pangnilalaman | Naipamamalas ang pang-unawa sa panimulang kaalaman at kasanayan sa pag-aalaga ng hayop sa tahanan at ang maitutulong nito sa pag unlad ng pamumuhay |
| B. Pamantayan sa Pagganap | Naisasagawa nang may kawilihan ang pag-aalaga sa hayop sa tahanan bilang mapagkakakitaang gawain |
| C. Kasanayan sa Pagkatuto/ Layunin (Isulat ang code ng bawat kasanayan) | 2.3 Naiisa-isa ang wastong pamamaraan sa pag-aalaga ng hayop<br><br>2.3.1 Naisasagawa nang maayos ang pag-aalaga ng hayop |
| | EPP4AG-0h17 |
| ***II. NILALAMAN*** | Pag-aalaga ng Hayop<br>Integrasyon: Responsableng Tagapag-alaga ng Hayop |
| ***III. KAGAMITANG PANTURO*** | |
| A. Sanggunian | |
| 1. Mga pahina sa Gabay ng guro | K to 12 CG Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan IV, Teachers Guide IV, pahina 180-181 |
| 2. Mga pahina sa kagamitang pang-mag-aaaral | Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan IV Kagamitan ng Mag-aaral pahina 416-420 |
| 3. Mga pahina sa teksbuk | |
| 4. Karagdagang Kagamitan mula sa Portal ng Learning Resource | |
| B. Iba pang kagamitang panturo | "Iparehistro at Pabakunahan sa *Veterinary Office* ang Inyong Aso at Pusa" *Pamphlet of Department of Agriculture* |

| ***IV. PAMAMARAAN*** | |
|---|---|
| A. Balik-aral o pagsisimula ng bagong aralin | |
| B. Paghahabi ng layunin ng aralin | Itanong:<br>1. Sino sa inyo ang may alagang hayop?<br>2. Anong uri ng hayop ito?<br>3. Paano ninyo ito inaalagaan? |
| C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin | Itanong:<br>1. Sa inyong palagay, tama ba ang pag-aalaga na inyong ginagawa?<br>2. Kaya ba ninyong maging responsableng tagapag-alaga ng hayop? |
| D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1 | Talakayin ang wastong pamamaraan sa pag-aalaga ng hayop.<br>A. Wastong Pag-aalaga ng Aso (tingnan sa Kagamitan ng Mag-aaral, pahina 416-420)<br>Gabay na tanong:<br>1. Sino sa inyo ang gustong mag-alaga ng aso? Bakit?<br>2. Ano-ano ba ang ating mga responsibilidad bilang isang tagapag-alaga ng aso?<br><br>Talakayin ang Responsableng Tagapag-alaga ng Aso:<br>(*Tingnan sa Teacher's* Handout *Bilang 1, pahina 5)*<br><br>a. Pabakunahan sa beterinaryo kontra rabies ang inyong aso kapag ito ay nasa tatlong buwang gulang na at panatilihin ito taon-taon.<br>b. Bigyan ng sapat na nutrisyon, pag-alaga, ehersisyo at atensyon ang inyong mga alagang aso.<br>c. Dalhin sa beterinaryo ang alagang aso para sa iba pang kinakailangang bakuna nito at kung ito ay may sakit o karamdaman.<br>d. Siguraduhing malinis at komportable ang kanilang paligid at tirahan.<br>e. Huwag hayaang pagala-gala ang inyong alagang aso sa kalye.<br><br>B. Wastong Pag-aalaga ng Kalapati (tingnan sa Kagamitan ng Mag-aaral, pahina 416-420) |

| | |
|---|---|
| E. Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2 | |
| F. Paglinang ng kabihasaan (leads to Formative Assessment 3) | 1. Hatiin ang klase sa dalawang grupo.<br>2. Ipaliwanag ang rubriks sa pag-awit at pag-rap.<br>3. Bawat grupo ay may tatlong minuto upang gawin ang mga sumusunod:<br><br>Unang Pangkat: Gumawa ng rap tungkol sa wastong pag-aalaga ng aso.<br>Ikalawang Pangkat: Gumawa ng awit tungkol sa wastong pag- aalaga ng kalapati.<br><br>(Gamitin ang Rubriks para maging batayan ng mag-aaral, Teacher's Handout Bilang 2, pahina 6)<br><br>Magbigay ng puna sa kanilang ipinakitang pagtatanghal.<br><br>Mga gabay na tanong:<br>1. Ano ang inyong naramdaman habang ginagawa ang pangkatang gawain? Bakit?<br>2. Ano ang inyong natutunan sa pangkatang gawain? |
| G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay. | Itanong:<br>Ano-ano ang magiging resulta kapag wasto ang pag-aalaga ninyo sa inyong aso? (o sa kahit anong uri ng hayop) |
